SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-13

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT DR. PABLITO V. MENDOZA SR. HIGH SCHOOL NA NAUUKOL SA *WORK IMMERSION PARTNERSHIP* PARA SA MGA ESTUDYANTE."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Edukasyon**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Dr. Pablito V. Mendoza Sr. High School;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa work immersion program para sa mga mag-aaral ng Dr. Pablito V. Mendoza Sr. High School partikular sa senior high school na nasa ilalim ng K-12 program;

**SAPAGKA'T,** sa ginanap na pagpupulong ay napatunayang ang kasunduang ito ay higit na makakatulong upang ihanda at mabigyan ang mga mag-aaral ng karampatang kaalaman at karanasan ukol sa kanilang linya ng espesyalisasyon at sa pamamagitan nito ay mauunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng isang trabaho, kung saan higit nilang maiintindihan ang kaakibat na responsibilidad nito.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. MARIE NIÑA NIKKIE PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa *memorandum of*

*agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Dr. Pablito V. Mendoza Sr. High School na nauukol sa *work immersion partnership* para sa mga estudyante.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-24 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-24 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim